Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Quarter 1 - Modyul 8
## Week 5: Pagtutuos ng Puhunan, Ginastos, at Maiimpok (Agrikultura)



Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Quarter 1 - Modyul 8: Pagtutuos ng Puhunan, Ginastos at Maiimpok
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-isip sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

| | |
|---|---|
| **Authors:** | Princes Grace V. Torda |
| **Editor:** | Ronald I. Flores, HT-1 |
| **Reviewers:** | Fortunato R. Ocaya, Jr. – EPS, MTB-MLE<br>Sarah Jane A. Valdez, EPS, EPP/TLE/TVL |
| **Illustrator:** | Juniver Kris B. Jimeno |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso<br>Israel C. Adrigado |
| **Management Team:** | |
| Chairperson: | Rebonfamil R. Baguio<br>*Schools Division Superintendent* |
| Co-Chairperson: | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| Members: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Sarah Jane A. Valdez, EPS – EPP/TLE/TVL<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Zaldy G. Ampong, PSDS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Quarter 1 - Modyul 8

## Week 5:Pagtutuos ng Puhunan, Ginastos, at Maiimpok (Agrikultura)

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna, komento at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas**

## *Panimula*

Ang Modyul na ito ay inilahad upang maibahagi sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagtuos o pagkwenta ng mga nagastos at kita sa isang halamanang negosyo.

Layunin ng araling ito na matutunan ng mga mag-aaral ang tamang pagkwenta ng puhunan, presyo at kita sa isang negosyo upang magabayan ang pag-unlad nito.

Sa araling ito, lubos na binigyang-pansin ang kahalagahan ng pag-unawa sa paggawa ng talaan na siyang sentro ng modyul na ito.



***Mga tala para sa Guro***

Gabayan ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa bawat panuto upang lubos na maintindihan ang bawat gawain.

## *Alamin*

Mga layunin sa pagkatuto:

1. Naipamamalas ang pang-unawa sa kaalaman at kasanayan sa pagtatanim ng halamang ornamental bilang isang gawaing pagkakakitaan.

2. Natutuos ang puhunan, gastos, kita at maiimpok.

## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Basahin at unawain ng mabuti ang aralin.

- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.

- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

- Isaisip at isapuso ang iyong natutunan.

## *Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |
|  | Suriin | Ito ay pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |

## *Subukin*

**Panuto: Basahin at unawain ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat sa patlang ang T kung tama ang isinasaad nito at M kung mali.**

_____1. Makikita sa talaan ang kabuuan ng ginastos.

_____2. Maaaring maging maunlad ang tindahan na walang ginagawang talaan.

_____3. Sa paggawa ng talaan, kailangan isama ang lahat ng mga karagdagang ginastos ng gawain.

_____4. Sa pagtatala, kailangang isama pati bayad sa pamasahe, upa ng tindahan at bayad sa mga taong gumawa.

_____5. Kaya umuunlad ang mga negosyante dahil may talaan sila ng puhunan, mga ginastos at iba pang gastusin.

_____6. Maaaring huwag nang ilista ang gastos sa pamasahe sa pagbili ng iyong mga kailangan sa negosyo.

_____7. Ang pagiging positibo sa iyong ginagawa ay isa sa mga aspetong dapat nating saloobin upang ang gating negosyo ay umunlad.

_____8. Itala sa iyong pinagtalaan ng puhunan at ginastos sa negosyo ang inyong gastos sa pang-araw-araw na pagkain.

_____9. Nakikita sa talaan ng pagnenegosyo ang ginastos sa pagbabakasyon.

_____ 10. Mahirap gumawa ng talaan sa puhunan at mga ginastos.

# Aralin 1
# Talaan ng Puhunan at Ginastos

Sa talaan ng puhunan at ginastos, malalaman ng isang nagnenegosyo kung saan siya kumita o nalugi. Kailangan marunong magkwenta o magtuos ang may-ari ng tindahan.



## *Balikan*

Panuto: Magbigay ng 5 paraan ng paglalagay ng abono o pataba sa lupa ng halaman.

1. ________________________________
2. ________________________________
3. ________________________________
4. ________________________________
5. ________________________________



## *Tuklasin*

**Panuto:** Basahing maigi at suriin ang talaan ni Aling Rosa kung ito ba ay nagpapakita ng pagkalugi o kumikita.

Si Aling Rosa ay nagnenegosyo ng halamanang Rosas. Bawat linggo ay pinapakyaw ang kanyang mga bulaklak ng isang negosyanteng naglalako sa kabilang bayan. Narito ang talaan ni Aling Rosa sa kanyang negosyong halamanan.

| Gastusin | Halaga ng pinagbilhan | Kita o tubo |
|---|---|---|
| ₱1,800.00/buwan | ₱1,000.00/isang linggo | ₱2,200/buwan |

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Magkano ang gastusin ni Aling Rosa kada buwan?
   ______________________________
2. Magkano ang halaga ng pinagbilhan sa isang buwan?
   ______________________________
3. May kita ba si Aling Rosa sa kanyang negosyong halamanan?
   ______________________________
4. Ipakita ang paraan kung paano kumita si Aling Rosa.
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

Pormula sa pagkuha ng kabuuang tubo *(Mathematics):*

Pinagbilhan– Puhunan o Gastusin = Kabuuang tubo



## ***Suriin***

Panuto: Suriin ang payak na talaan ng puhunan, ginastos at kita/tubo. Alamin kung magkano ang kinita o tubo pagkatapos. Ilagay ang sagot sa talaang nasa pinakaibaba nito.

| **Talaan ng gastusin** | **Halaga** |
|---|---|
| Halaga ng pananim | ₱1,000.00 |
| Halaga ng pataba, pamatay kulisap at peste | ₱ 500.00 |
| Bayad sa paglilingkod | ₱ 500.00 |
| Ibang gastusin | ₱ 200.00 |
| **Kabuuan** | **₱2,200.00** |

| **Mga ipinagbili na mga bulaklak** | **Halaga** |
|---|---|
| 5 paso ng Rosas | ₱1,500.00 |
| 5 paso ng Palmera | ₱1,400.00 |
| 5 paso ng Santan | ₱ 500.00 |
| 5 paso ng Golde Orlando | ₱ 500.00 |
| **Kabuuan** | **₱3,900.00** |

Sagutin:

| | |
|---|---|
| **Halaga ng pinagbilhan** | |
| **Halaga ng gastusin** | |
| **Kita o tubo** | |



## *Pagyamanin*

**Panuto:** Gumawa ng talaan ng halaga ng puhunan, pinagbilhan at kita o tubo sa bawat sitwasyon upang matukoy kung ito ay kumikita o nalulugi. Lagyan ng tsek ang kahong naglalarawan sa kabuuang tubo.

1. Si Lino ay may 5 paso ng gumamela at ipinagbili niya ito ng 500.00 bawat isa. Ang kanyang puhunan ay umabot ng 800.00 para sa limang paso, magkano ang kanyang kinita?

| Talaan | | |
|---|---|---|
| Pinagbilhan | Php | ☐ Kumikita |
| Puhunan/Gastusin | Php | |
| Kabuuang Tubo | Php | ☐ Nalulugi |

2. Si Aling Bebang ay nagtayo ng halamanang negosyo. Bumili siya ng kanyang mga pananim sa halagang 1,700.00, mga pataba at pamatay peste sa halagang 700.00, at iba pang gamit sa halagang 500.00. Nakapagpatubo si Aling Bebang ng walong paso at ipagbibili niya ng 300.00 bawat paso.

| Talaan | | |
|---|---|---|
| Pinagbilhan | Php | ☐ Kumikita |
| Puhunan/Gastusin | Php | |
| Kabuuang Tubo | Php | ☐ Nalulugi |

3. Nagbenta si Jose ng kanyang mga halamang paninda sa idinaos na Agri Fair. Sa unang araw ay naipagbili niya ang tatlong paso ng gumamela, dalawang paso ng palmera, at 6 na paso ng rosas sa halagang 2,600.00. Sa ikalawang araw naman ay naipagbili niya ang 5 paso ng gumamela, 4 na paso ng palmera at 4 na paso ng Golden Orlando sa halagang 2,400.00. Ang puhunan ni Jose ay 2,100.00.


| Talaan | | |
|---|---|---|
| Pinagbilhan | Php | ☐ Kumikita |
| Puhunan/Gastusin | Php | |
| Kabuuang Tubo | Php | ☐ Nalulugi |



## *Isaisip*

Ano ang kahalagahan ng talaan ng puhuan at gastos? (Punan ng wastong sagot ang patlang)

Ang talaan ng puhunan at ginastos ay isang epektibong paraan ng isang nagnenegosyo kung saan makikita kung ikaw ba ay _________ o nalulugi. Mahalaga ang kaalaman sa pagkwenta at pagtutuos upang masiguro na ikaw ay ______________sa iyong pagtitinda.



## *Isagawa*

**Panuto:** Mag-isip ng posibleng ibenta at gumawa ng talaan sa posibleng gastos, presyo ng ibebenta at kita. Tingnan ang halimbawa sa ibaba.

| Paninda | Dami | Kabuuang puhunan | Halaga ng paninda (Bawat isa) | Kita o tubo |
|---|---|---|---|---|
| Rosas | 10 paso | ₱400.00 | ₱650.00 | ₱800.00 |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

| | |
|---|---|
| Halaga ng kabuuang Pinagbilhan | |
| Halaga ng kabuuang gastusin | |
| **Kabuuang kita o tubo** | |

**Pinagbilhan - Puhunan = Kabuuang tubo*



## *Tayahin*

**Panuto: Basahin at unawain ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat sa patlang ang T kung tama ang isinasaad nito at M kung mali.**

_____1. Maaaring huwag nang ilista ang gastos sa pamasahe sa pagbili ng iyong mga kailangan sa negosyo.

_____2. Ang pagiging positibo sa iyong ginagawa ay isa sa mga aspetong dapat nating saloobin upang ang gating negosyo ay umunlad.

_____3. Itala sa iyong pinagtalaan ng puhunan at ginastos sa negosyo ang inyong gastos sa pang-araw-araw na pagkain.

_____4. Nakikita sa talaan ng pagnenegosyo ang ginastos sa pagbabakasyon.

_____ 5. Mahirap gumawa ng talaan sa puhunan at mga ginastos.

_____ 6. Makikita sa talaan ang kabuuan ng ginastos.

_____7. Maaaring maging maunlad ang tindahan na walang ginagawang talaan.

_____8. Sa paggawa ng talaan, kailangan isama ang lahat ng mga karagdagang ginastos ng gawain.

_____9. Sa pagtatala, kailangang isama pati bayad sa pamasahe, upa ng tindahan at bayad sa mga taong gumawa.

_____10. Kaya umuunlad ang mga negosyante dahil may talaan sila ng puhunan, mga ginastos at iba panggastusin.



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Magtanong ng limang tindera tungkol sa kanilang mga paninda. Itala ang kanilang ginastos at kinita sa bawat araw sa isang linggo.

| Tindahan | Puhunan<br>(Isang linggo) | Halaga ng pinagbilhan<br>(Sa isang linggo) | Kita o tubo<br>(Sa isang linggo |
|---|---|---|---|
| 1. | | | |
| 2. | | | |
| 3. | | | |

## *Answer Key*

| Subukin |
|---|
| 1. T |
| 2. M |
| 3. T |
| 4. T |
| 5. T |
| 6. M |
| 7. T |
| 8. M |
| 9. M |
| 10. M |

| Balikan |
|---|
| 1. Broadcasting Method |
| 2.Side-dressing Method |
| 3.Foliar Application Method |
| 4.Ring Method |
| 5.Basal Application Method |

| Tuklasin |
|---|
| 1.1,800.00 |
| 2.1,000.00 |
| 3.Oo |
| 4.Oo/Hindi |
| 5.1,800.00 |

| Pagyamanin |
|---|
| 1.Kumita |
| 2.Nalugi |
| 3.Kumita |
| 4.Kumita |
| 5.Nalugi |

| Tayahin |
|---|
| 1. M |
| 2. T |
| 3. T |
| 4. M |
| 5. M |
| 6. T |
| 7. M |
| 8. T |
| 9. T |
| 10. T |

## *Sanggunian:*

Department of Education. Most Essential Learning Competencies 2020.

Kagawaran ng Edukasyon. 2015. Vibal Group, Inc. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4- Kagamitan ng Mag-aaral. Pahina 393 – 394

Kagawaran ng Edukasyon. 2015. Vibal Group, Inc. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4- Gabay sa Pagtuturo. Pahina 169 – 170

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615